



Mga Madalas na Katanungan– Nagbalik na COVID-19 Pagkatapos ng Paxlovid na Paggamot



Ano ang nagbalik na COVID-19 (COVID-19 rebound)?

Ang nagbalik na COVID-19 ay kapag ang mga tao na may COVID-19 ay mas gumanda ang pakiramdam, pagkatapos ay magkakaroon ng mga sintomas 2-8 araw pagkatapos na sila ay gumaling. Maaari rin silang muling masuri na positibo. May mga ulat na nangyayari ito sa mga pasyente na ginamot gamit ang Paxlovid. Ang Paxlovid ay isang tableta na kontra sa virus para tulungan na hindi mahospital ang mga nasa mataas na panganib na pasyente na nahawahan ng COVID-19.

Bakit nagkakaroon ng pagbabalik sa mga pasyente?

Sa oras na ito, hindi malinaw kung bakit nangyayari ito. Ang Food and Drug Administration (FDA), ang Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention/CDC), at Pfizer ay nirerepaso ang datos at nangongolekta ng mga ulat sa mga kaso upang mas lalong maintindihan kung ano ang maaaring nangyayari sa mga pasyenteng ito. Sa orihinal na mga klinikal na pagsubok ng Paxlovid, ang parehong mga pasyente na tumanggap ng Paxlovid at iyong mga tumanggap ng plasebo (asukal na tabletas) ay nakaranas ng pagbabalik. Nangangahulugan ito na ang nagbalik na COVID-19 ay maaaring walang kaugnayan sa medikasyon.

Gaano nagtatagal ang pagbabalik (rebound)?

Sa mga kasong inilarawan, ang mga sintomas ng pagbabalik ay bumubuti at/o ang mga positibong pagsusuri ay nagiging negatibo sa loob ng 3 araw para sa karamihan ng mga tao.

Ang mga tao bang nakakaranas ng pagbabalik ay lubhang nagkakasakit na sila ay dapat na mahospital?

Ang mga pasyente na may pagbabalik ay tila nagkakaroon ng mga banayad na sintomas, at walang mga ulat ng malubhang sakit. Ngunit kung ang mga sintomas ay lalala o hindi bumubuti, mahalagang kontakin mo ang iyong doktor.

Inirerekomenda pa rin ba ang Paxlovid para gamutin ang mga pasyente na may COVID?

Oo. Ang paggamot gamit ang Paxlovid ay inirerekomenda pa rin para sa mga taong nasa mataas na panganib ng malubhang sakit at mayroong banayad hanggang sa katamtamang mga sintomas ng COVID-19. Ang paggamot ng Paxlovid ay nakakatulong na mapigilan ang pagkakahospital at pagkamatay dahil sa COVID-19 at nananatiling isang mahalagang kasangkapan para hindi mahospital ang mga tao kung sila ay mahahawahan. Bisitahin ang ph.lacounty.gov/covidmedicines upang makakuha ng mas marami pang impormasyon tungkol sa medisina para gamutin ang COVID-19.

Paano ko malalaman kung mayroon akong nagbabalik na COVID-19 (COVID rebound)?

Maaaring ikaw ay may nagbabalik na COVID-19 kung nagkaroon ka ng COVID-19 at gumanda ang pakiramdam ngunit nagsisimulang makaranas ng mga sintomas o muling nasuri na positibo sa loob ng ilang araw ng paggaling. Halimbawa, nagkaroon ka ng COVID-19 at ang iyong panahon ng pagbubukod ay natapos na ngunit nagsimula kang magkaroon muli ng mga sintomas 2 araw pagkatapos na matapos ang iyong panahon ng pagbubukod.

Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ako ay may nagbabalik na COVID-19?

Kung sa tingin mo ikaw ay may nagbabalik na COVID-19, ibukod muli ang iyong sarili sa iba. Ang pagbubukod para sa nagbabalik na COVID-19 ay maaaring matapos 5 araw pagkatapos na magsimula ang pagbabalik sa yo kung wala ka ng lagnat nang hindi bababa sa 24 na oras at bumubuti ang iyong mga sintomas. Para protektahan ang iba, magsuot ng [mataas na antas](#)



Mga Madalas na Katanungan– Nagbalik na COVID-19 Pagkatapos ng Paxlovid na Paggamot

[na nakapagpoprotektang maskara](#) sa paligid ng iba nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos ng pagsisimula ng pagbabalik sa yo.

Dapat ko bang ulitin ang aking pagpapagamot kung mayroon akong nagbabalik na COVID-19?

Hindi. Sa kasalukuyan ay walang ebidensya na kailangan mong magpagamot muli o pahabain ang iyong paggamot.

Ang akin bang pagpapabakuna ay poprotekta sa akin sa pagkakaroon ng pagbabalik?

Batay sa kasalukuyang datos, tila lumalabas na ang isang maikling pagbabalik ng mga sintomas ay maaaring mangyari sa ilang indibidwal maging sila man ay nabakunahan na o hindi pa, o maging sila man ay ginamot gamit ang Paxlovid o hindi. Kami ay patuloy na natututo ng mas marami tungkol sa mga sanhi ng pagbabalik ng COVID-19.

Patuloy na ipinapakita ng ebidensya na ang mga pagpapabakuna at pagpapabakuna ng pampalakas na bakuna sa COVID-19 ay tumutulong na protektahan ka mula sa pagkakaroon ng sakit o malubhang sakit sa COVID-19.

Maaari ko bang maikalat ang COVID-19 kung mayroon akong nagbabalik na COVID-19?

Oo, posibleng maikalat mo ang COVID-19 kung mayroon kang nagbabalik na COVID-19. Ito ay dahil sa nagbalik ang iyong impeksyon. Mahalaga na ikaw ay muling magbukod malayo sa iba kung ikaw ay nakakaranas ng nagbabalik na COVID-19.

Ang katotohanan ba na nakakakita tayo ng mga kaso ng pagbabalik ay nangangahulugan na ang mga tao ay bumubuo ng resistensya sa Paxlovid?

Sa ngayon, walang ebidensya na ang pagbabalik ay resulta ng pagiging resistensya sa Paxlovid sa virus.

May anumang bagay pa ba na dapat kong gawin kung makakaranas ako ng pagbabalik?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o pagkabahala tungkol sa iyong mga sintomas, mangyaring tawagan ang iyong doktor o ang Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan sa (833) 540-0473. May makakausap na mga kawani 7 araw sa isang linggo simula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi para sagutin ang mga katanungan.

Kung ikaw ay ginamot gamit ang Paxlovid at nakakaranas ng nagbabalik na COVID-19, ikaw ay hinihikayat na iulat ang iyong impormasyon sa Pfizer, ang kumpanyang gumagawa ng Paxlovid. Maaari kang magsumite online ng impormasyon tungkol sa iyong kaso gamit ang kasangkapan ng [Ligtas na Pag-uulat ng Pfizer](#) o sa [MedWatch](#) ng FDA. Ang Pfizer at FDA ay rerepasuhin ang impormasyong ito upang tulungan kaming mas mahusay na maunawaan ang pagbuwelta ng COVID-19.